



Sangguniang Panglungsod

KAPASIYAHANG PANLUNGSOD BILANG 08-074

KAPASIYAHAN NA NAGGAGAWAD NG PAGKILALA SA KGG. ARTEMIO A. SIMUNDAC SA MAHUSAY, MATAPAT, EPEKTIBO AT MAKABAYANG PAGLILINGKURAN SA LOOB NG DALAWANG (2) TERMINO O SAMPUNG (10) TAONG PAGLILINGKOD BILANG KINATAWAN NG SEKTOR NG SAMAHAN NG MGA PUNONGBARANGAY SA SANGGUNIANG PANLUNGSOD NG LUNGSOD NG MUNTINLUPA.

Ipinanukala ni:

Kgg. Kon. Mggl. Icasiano M. Dela Rea
Kgg. Kon. Allan Rey A. Camilon
Kgg. Kon. Ma. Luisa Babaran-Echavez, M.D
Kgg. Kon. Margarita Amythyst Patdu-Labios, MD
Kgg. Kon. Melchor R. Teves
Kgg. Kon. Ernie S. Espeleta
Kgg. Kon. Marita Deang-Calalang, DMD
Kgg. Kon. Francis Ian T. Bagatsing
Kgg. Kon. Joselito V. Arevalo
Kgg. Kon. Luvi P. Constantino
Kgg. Kon. Inhr. Marissa Cole-Rongavilla
Kgg. Kon. Inhr. Mamerto T. Sevilla, Jr.
Kgg. Kon. Vergel C. Ulanday
Kgg. Kon. Robert A. Abas
Kgg. Kon. Mggl. Rey E. Bulay
Kgg. Kon. Cezar V. Pagkalinawan

SAPAGKAT, ang KGG. ARTEMIO A. SIMUNDAC, ay nahalal at nanungkulan bilang Kinatawan ng Sektor ng Samahan ng mga Punongbarangay sa Sangguniang Panlungsod ng Muntinlupa noong July 1997 hanggang Hunyo 30, 2007;

SAPAGKAT, ang KGG. ARTEMIO A. SIMUNDAC, bilang Punongbarangay ng Cupang ay muling nahalal noong 2002 dahil sa kanyang mahusay na paglilingkod at pagbibigay ng serbisyong totoo sa Lungsod ng Muntinlupa;

SAPAGKAT, siya ay nakapaglingkod ng sampung (10) taon sa mga mamamayan ng Lungsod at bilang kinatawan ng Sektor ng Samahan ng mga Punongbarangay sa Sangguniang Panlungsod;

SAPAGKAT, sa loob ng kanyang panunungkulan bilang mambabatas, siya ay naging bahagi sa pag-ugit ng patuloy na kaunlaran ng Lungsod;

SAPAGKAT, ang KGG. ARTEMIO A. SIMUNDAC, ay nakitaan ng magandang pakikipag-ugnayan at buong pusong pagsuporta sa dating Administrasyon at mga kasamahang konsehal para maipatupad ang mga magagandang proyekto para sa Lungsod ng Muntinlupa;

[Handwritten signatures and marks at the bottom of the page]



Sangguniang Panglungsod

Pahina 2

Kapasiyahang Panlungsod Bilang 08-074

SAPAGKAT, sa panahon ng kanyang panunungkulan siya ay nagpamalas ng propesyonalismo sa tungkulin sa pamamagitan ng maingat at matalinong pakikiisa sa ibang kasamang Konsehal sa Sangguniang Panlungsod na nagtataglay ng iba't-ibang ideolohiyang pulitikal at prinsipyong personal upang ang kapakanan ng higit na nakararaming mamamayan ay maisulong;

SAPAGKAT, sa kanyang makabayang paglilingkuran, ang tungkulin na bilang kinatawan ng kanyang nasasakupan ay naisakatuparan ng may kahusayan, katapatan, at kagalingan;

SAPAGKAT, sa ibinigay na serbisyo ng **KGG. ARTEMIO A. SIMUNDAC**, marapat lamang na bigyan siya ng plake ng pagpaparangal at iba pang insentibo na nararapat at naaayon sa batas;

NGAYON DAHIL DITO, pinagpagsiyahan ng 5th Sangguniang Panlungsod ng Muntinlupa na gawaran ng pagkilala ang **KGG. ARTEMIO A. SIMUNDAC**, sa mahusay, matapat, epektibo at makabayang paglilingkuran ng naisagawa sa loob ng tatlong termino o siyam na taong paglilingkod bilang Konsehal ng Distrito 1 ng Lungsod ng Muntinlupa.

PINAGTIBAY, ng *ika-5 na Sangguniang Panlungsod ng Muntinlupa* ngayong *ika-18 ng Pebrero, 2008*, sa ginanap na *ika-25 Regular na Sesyon*.

SUMANG-AYON:

DISTRITO I:

KON. ALLAN REY A. CAMILON
Miyembro

KON. MA. LUISA BABARAN-ECHAVEZ, M.D.
Miyembro

KON. MARGARITA AMYTHYST PATDU-LABIOS, M.D.
Miyembro

KON. MELCHOR R. TEVES
Miyembro

KON. MGGL. ICASIANO M. DELA REA
Miyembro



Sangguniang Panglungsod

Pahina 3
Kapasiyahang Panlungsod Bilang 08-074

KON. ERMIE S. ESPELETA

Miyembro

KON. MARITA DEANG CALALANG, D.M.D

Miyembro

DISTRITO II:

KON. FRANCIS IAN T. BAGATSING

Miyembro

KON. JOSELITO V. AREVALO

Miyembro

KON. LUVI P. CONSTANTINO

Miyembro

KON. INHR. MARISSA COLE-RONGAVILLA

Miyembro

KON. INHR. MAMERTO T. SEVILLA, JR.

Miyembro

KON. VERGEL C. ULANDAY

Miyembro

KON. ROBERT A. ABAS

Miyembro

KON. MGGL. REY E. BULAY

Miyembro

KON. CEZAR V. PAGKALINAWAN

Kinatawan ng Sektor

Pangulo

Samahan ng mga Punongbarangay

LIBAN:

KON. ALLEN F. AMPAYA

Miyembro



Sangguniang Panglungsod

Pahina 4

Kapasiyahang Panlungsod Bilang 08-074

KON. DANN HENRY G. TEVES

Kinatawan ng Sektor

Pangulo

Pederasyon ng Sangguniang Kabataan

PINATOTOTOHANAN KO, ang katumpakan ng Kapasiyahang ito.

LEONORA M. MARCELO

Legislative Staff Officer

PINATUTUNAYAN:

ARTEMIO A. SIMUNDAC

Pang. Punonglungsod/Pangulong Opisyal

PINAGTIBAY:

ALDRIN L. SAN PEDRO

Punonglungsod

Petsa: _____

Norie/